

# Ang pagmamamtyag (surveillance) sa mga manggagawa sa hotel ng kuwarentena sa NSW at programa ng pagpapasusuri sa NSW

Sa ilalim ng Pampublikong Kalusugan (COVID-19 Kuwarentena sa Paglalakbay sa Himpapawid) na Kautusan (Bilang 4) 2020, upang makasama sa pakahulugan para sa isang itinalagang manggagawa sa pasilidad ng kuwarentena, ang isang tao ay dapat na:

- tinukoy sa Programa ng Pagpapasuri sa NSW (NSW Testing Program) bilang isang tao na nararapat ang mga obligasyon sa pagpapasuri; at
- nagtatrabaho o nagbibigay ng mga serbisyong may kaugnayan sa isang hotel ng kuwarentena; at
- isang alagad ng batas, isang tao na pumapasok/may access sa isang pasilidad ng kuwarentena para sa mga layunin ng pagbibigay ng medikal na paggamot o pangangalaga ng tao, o isang tao na nagsasagawa ng mga serbisyo o nagbibigay ng mga serbisyong kinakailangan para sa karaniwang pagpapatakbo ng pasilidad.

Tinukoy ng Ministri ng Kalusugan ang sumusunod na mga tao sa NSW Testing Program bilang mga tao na nararapat ang mga obligasyon sa pagpapasuri alinsunod sa Kautusan.

## Mga Madalas Itanong

### Ano ang layunin ng regular na pagpapasuri para sa COVID-19 para sa mga manggagawa sa mga pasilidad ng hotel ng kuwarentena?

Alinsunod sa mga kahingian (requirements) ng [Pampublikong Kalusugan \(COVID-19 Kuwarentena sa Paglalakbay sa Himpapawid\) na Kautusan \(Bilang 4\) 2020](#) ang NSW Health ay nagpapatupad ng regular na mga pagpapasuri para sa COVID-19 bilang pangangalaga at pag-iingat para sa ilang kawani na nagtatrabaho sa aming mga pasilidad ng kuwarentena. Habang ang bilang ng mga kaso ng COVID-19 ay tumataas sa buong mundo at maraming mga tao ang nagbabalik sa Australya mula sa ibang bansa, nakikita natin ang tumataas na bilang ng mga kaso sa mga pasilidad ng kuwarentena. Ang pagpapasuring ito ay magsisilbing maagang babalang senyales ng mga kaso - bago pa man magkaroon ng mga sintomas ang mga tao.

### Paano gumagana ang pagpapasuri sa laway?

Ang bagong programang ito ay gagamit ng madalas na mga pagsusuri ng laway. Ang pagkuha ng laway ay hindi masakit at mabilis lang. Suriin na ang ginawang personal na tarheta ay tama at ilagay ito sa tube. Ilagay ang test swab sa dila nang 30 segundo at alisin nang nag-iingat na hindi madantian ang iyong mga labi. Ipasok ang swab sa ibinigay na tube, baliin ang stick, isara nang mahigpit ang takip at ilagay sa specimen bag.

## May iba pa bang makikita sa pagpapasuri ng laway maliban sa COVID-19 (alkohol, iba pang mga gamot, mga drogang panlibangan, pagbubuntis)?

Hindi. Makikita lamang sa pagsusuring ito ang pagkakaroon ng COVID-19.

## Makikita ba sa pagpapasuri ng laway ang nakaraang impeksyon sa COVID-19?

Maaari itong magpakita ng ebidensya ng nakaraang impeksyon sa COVID-19.

## Maaari bang magpasuri ng laway ang iba pang mga miyembro ng komunidad sa halip na swab sa ilong at lalamunan?

Sa kasamaang-palad ay hindi. Ang swab sa ilong at lalamunan ang pinakatumpak na pagsusuring diyagnostiko para sa sinumang may mga sintomas. Sa ngayon, ang pagsusuri ng laway ay ginagamit bilang pagsusuri sa mga tao na walang ipinapakitang simptomang (mga tao na walang sintomas).

## Maaari bang magpasuri ng laway ang iba pang mga grupong may mataas na panganib? Hal. mga manggagawa sa pangangalaga ng kalusugan?

Sa yugtong ito, nakatuon kami sa mga tao sa frontline ng mga internasyonal na manlalakbay - ang mga nasa paliparan, sa pantalan at sa mga hotel ng kuwentena. Isasaalang-alang ng pamahalaan ang iba pang mga grupo sa hinaharap, kung kinakailangan.

## Ang aking maliit na anak ay mayroong mga sintomas ng COVID-19 - maaari ba siyang magpasuri ng laway sa halip na swab sa ilong?

Sa kasamaang-palad ay hindi. Ang swab sa ilong at lalamunan ang pinakatumpak na pagsusuring diyagnostiko para sa sinumang may mga sintomas. Sa ngayon, ang pagsusuri ng laway ay ginagamit bilang pagsusuri sa mga tao na walang ipinapakitang simptomang (mga tao na walang sintomas).

## Gaano katumpak ang pagsusuring ito?

Nagpakita ang pagsusuring ito ng mga positibong resulta kapag ginagamit sa ilang mga sitwasyon sa ibang bansa. Humigit-kumulang ay 83% - 85% itong sensitibo sa pagtuklas ng virus. Anuman ang hindi nagawa ng pagiging sensitibo (kakayahang mahanap ang virus kung mayroon) nito ay matutumbasan ng mas madalas na pagpapasuri.

## Ano ang mga panganib ng madalas na pagpapasuri? Mananakit ba ang aking bibig? Ligtas ba ang pagkakaroon ng mga kemikal araw-araw?

Walang mga panganib na nauugnay sa madalas na pagpapasuri. Hindi dapat sumakit ang iyong bibig dahil sa swab, dapat ay tamang-tama lang ito sa iyong dila. Walang mga kemikal sa swab, sinisipsip lang nito ang iyong laway.

## Ano ang mangyayari kung magpositibo ako sa pagpapasuri?

Kung may nakitang virus sa pagsusuri ng iyong laway, hihilingin sa iyo na agad na maghiwalay sa sarili at hihilingin sa iyo na sumailalim sa karagdagang pagpapasuring diyagnostiko. Papayuhan ka ng isang miyembro ng NSW Health kung ano ang dapat gawin kung mangyari ito.

## Natatakot ako na baka mawalan ako ng trabaho kung magpositibo ako.

Kahit sino ay maaaring mahawahan ng COVID-19. Ang komunidad ay isang mahalagang katuwang sa laban na ito. Sa pamamagitan ng paglapit sa amin, tumutulong ka sa komunidad na labanan ang pandemyang ito. Malapit na nakikipagtulungan ang NSW sa aming mga katuwang na hotel upang matiyak na mayroon kaming pamamaraang nagkakaisa, upang sama-samang labanan ang pandemyang ito.

## Ayaw kong ipaalam sa media sakaling positibo ang aking pagpapasuri - baka magalit ang aking komunidad na mayroon akong COVID-19.

Lahat ng mga resulta ng pagsusuri at mga kaso ay mananatiling kumpidensyal at ginagamit lamang at isinisiwalat ang impormasyon alinsunod sa batas ng pagkapribado.

## Ano ang mangyayari kung hindi ako magpapasuri?

Ang pamamatyag na pagpapasuri (surveillance testing) ay isang mahalagang hakbang sa kaligtasan at sinusuportahan ng isang kautusan sa pampublikong kalusugan. Kung ikaw ay itinalagang manggagawa sa pasilidad ng kuwarantena at tinanggihan mo ang pagpapasuri sa ilalim ng [Pampublikong Kalusugan \(COVID-19 Kuwarantena sa Paglalakbay sa Himpapawid\) na Kautusan \(Bilang 4\) 2020](#) maaaring hindi ka makapasok sa pasilidad ng kuwarantena. Kailangang talakayin sa iyo ng iyong tagapag-employo ang kaayusan ng iyong pagtatrabaho.

## Maaari ba akong magpasuri ng laway sa halip na isang swab sa ilong kung mayroon akong sintomas ng COVID-19?

Sa kasamaang-palad ay hindi. Ang swab sa ilong at lalamunan ang pinakatumpak na pagsusuring diyagnostiko para sa sinumang may mga sintomas. Ang pagsusuri ng laway ay ginagamit lamang bilang pagsusuri sa mga tao na walang ipinapakitang sintomas.

## Magkano ang gagastusin ko para sa pamamatyag na pagpapasuri (surveillance testing)?

Libre ang pagpapasuri para sa iyo at sa iyong tagapag-employo.

## Gaano katagal bago ko makuha ang aking mga resulta?

Aabisuhan ka lamang ng mga resulta kung nagpositibo ka sa pagsusuri. Karaniwang aabisuhan ka sa loob ng 24 na oras. Maaari mong ipagpalagay na ang iyong resulta ay negatibo maliban kung makarinig ka ng positibong resulta.

## Kailan magsisimula ang pagpapasuri ng laway?

Ang programa ay sisimulan mula Lunes ika-14 ng Disyembre 2020.

## Kailangan ko bang maghiwalay sa sarili pagkatapos ng isang swab sa laway?

Hindi. Kailangan mo lamang maghiwalay sa sarili kung mayroon kang mga sintomas o nalantad sa isang kaso ng COVID-19.

## Sino pa ang susuruin?

Sa yugtong ito, ang mga kawani lamang ng seguridad na nagtatrabaho sa isang pasilidad ng kuwarantena ang kailangang masuri. Isasaalang-alang ng pamahalaan ang iba pang mga grupo, kung kinakailangan.

## Masakit ba ito?

Hindi. Ang pagpapasuri ay hindi masakit, hindi ipapasok sa kaloob-looban ng katawan (non-invasive) at tumatagal lang ng mga 1 minuto.

## Bakit ako susuriin kung wala naman akong mga sintomas?

Ang pagpapasuri ng laway ay napatunayang isang mabisang paraan sa maagang pagtuklas ng babala. Nagagawa naming masubaybayan ang mga kaso dahil sa pagpapasuring ito bago pa man magkaroon ng mga sintomas ang mga tao.

## Ako ba ay nasa mataas na peligrong magkaroon ng COVID-19?

Libu-libong mga tao ang ligtas na nakabalik sa Australya sa pamamagitan ng kuwarantena ng NSW. Bagaman nanatili kaming nagtitiwala sa aming mga proseso, kinikilala namin na habang ang bilang ng mga kaso ng COVID-19 ay tumataas sa buong mundo, ang rate ng impeksyon sa mga internasyonal na manlalakbay na babalik sa Australya ay tataas din.

## Kung nagpasuri ako ng laway at nagkaroon ng mga sintomas sa pagtatapos ng araw o sa susunod na araw, ano ang dapat kong gawin?

Hindi ka dapat bumalik sa trabaho, sumailalim sa pagsusuri na swab sa ilong at lalamunan, at maghiwalay sa sarili hanggang makuha mo ang iyong mga resulta.